# 105

**HINDI EMERHENSYA**

*Non-Emergency*

*Tumawag sa 105*
*o mag-online sa*
***105.police.govt.nz***




NEW ZEALAND POLICE
Ngā Pirihimana o Aotearoa


NEW ZEALAND POLICE
Ngā Pirihimana o Aotearoa

# 105

**HINDI EMERHENSYA**

*Non-Emergency*

*Tumawag sa 105*
*o mag-online sa*
***105.police.govt.nz***




NEW ZEALAND POLICE
Ngā Pirihimana o Aotearoa

NEW ZEALAND POLICE
Ngā Pirihimana o Aotearoa

**105**

**HINDI EMERHENSYA**

*Non-Emergency*

*Tumawag sa 105*
*o mag-online sa*
***105.police.govt.nz***

NEW ZEALAND POLICE
Ngā Pirihimana o Aotearoa



# May bagong numero ang Pulisya para sa hindi emerhensya

***Upang mapanatiling ligtas hangga't maaari ang New Zealand, may bago kaming paraan ng pagkontak sa Pulisya para sa mga hindi emerhensya: tumawag sa 105 o mag-online sa 105.police.govt.nz***

***Mag-online sa 105.police.govt.nz upang mag-report ng:***

- Pagnanakaw sa isang pampublikong lugar
- Pagnanakaw mula sa isang kotse
- Sinadyang pagsira ng isang ari-arian
- Pangungumit sa tindahan
- Nawawalang ari-arian
- O upang alamin ang nangyayari tungkol sa ini-report o magdagdag sa isang kasalukuyang report

**Hanggang ngayon, ang mga tao ay tumatawag sa kanilang lokal na istasyon ng Pulisya o sa 111 kung nais nilang makausap ang Pulisya. Kadalasan, ang mga tao ay tumatawag sa 111 dahil nais nilang makipag-usap sa isang tao kahit na hindi madalian (urgent) ang dahilan.**

Kaya nagpasok kami ng 105 upang malaman ng mga tao kung paano kami kokontakin para din sa mga di-madaliang (non-urgent) sitwasyon. Tumawag sa 105 upang mag-report ng mga bagay na nangyari na at hindi nangangailangan ng madaliang tulong ng Pulisya.

***Tandaan, sa isang emerhensya, laging tumawag sa 111.***

Makakatawag ka sa 105 gamit ang mobile at mga landline na telepono. Ito'y libreng serbisyo sa buong bansa na makukuha gabi't araw para sa mga taga-New Zealand at mga bumibisitang taga-ibang bansa.

***Tumawag sa 105 upang mag-report ng anumang bagay na nangyari na sa Pulisya.***

***Tu wag sa 111 kapag:***

- May krimen na *kasalukuyang nangyayari* - at ang mga gumagawa nito ay naroon pa rin o kaaalis lamang
- May taong nasa panganib o lubhang nasaktan
- May malaking panganib sa buhay o ari-arian
- May nakita kang malaking panganib para sa publiko, gaya ng puno na nakaharang sa daan
- Para sa alinman sa mga bagay na ito na *kasalukuyang nangyayari* o katatapos lang mangyari

***Ang 111 ay numero din para sa Bombero at Ambulansya.***

***Mag-report nito sa istasyon ng Pulisya.***

Maaari ka ring mag-report nang personal sa iyong lokal na istasyon tungkol sa anumang bagay - lagi kaming naririto upang tumulong sa iyo.